



U.S. DEPARTMENT OF AGRICULTURE

USDA Naglabas ng Plano sa Access sa Wika (Language Access Plan) para Mapalawak ang Access sa mga Mapagkukunan at Programa ng Kagawaran

Press Release

Release No. {TK}

Contact: USDA Press

Email: press@usda.gov

WASHINGTON, NOB. 15, 2023 – Sa araw na ito, naglabas ang Kagawaran ng Agrikultura ng U.S. (U.S. Department of Agriculture, USDA) ng [plano sa access sa wika](#) (language access plan) na saklaw ang buong kagawaran para tiyakin na ang mga indibidwal na may limitadong kahusayan sa Ingles ay nakatatanggap ng makabuluhang access sa mga mapagkukunan, programa, at aktibidad ng USDA. Lumabas ang updated na plano sa access sa wika (language access plan) sa ika-unang taon na anibersaryo ng [memorandum](#) sa access sa wika ni Attorney General Merrick B. Garland sa mga pederal na ahensya.

Ang napapanahon at wastong komunikasyon sa publiko ay napakahalaga sa misyon ng USDA sa pagkaloob ng pamumuno sa pagkain, agrikultura, likas na yaman, kaunlaran ng kanayunan, nutrisyon, at mga kaugnay na isyu batay sa pampublikong patakaran, pinakamahusay na makukuhang siyensya, at epektibong pamamahala. Mahalagang sangkap ang planong ito para sa mas malawak na pagsisikap ng USDA na gawing mas naa-access, pantay-pantay, at inklusibo ang mga programa at serbisyo nito para sa mga taong umaasa sa kanila. Makikita ang karagdagang impormasyon tungkol sa pagsisikap na ito sa [USDA.gov/equity](https://www.usda.gov/equity).

“Apektado ng gawain ng USDA ang buhay ng bawat isa sa buong bansa, at ang pagtitiyak ng makabuluhan at pantay-pantay na access sa aming mga programa ay napakahalaga,” sabi ng Kalihim ng Agrikultura (Agriculture Secretary) na si Tom Vilsack. “Araw-araw na nagsisikap ang aming mga kawani na palakasin ang mga serbisyo at programa na nagtataguyod sa aming misyon, at makakatulong ang mga patakarang kasama sa planong ito na maging mas mabuti at mas malakas na kagawaran ang USDA.”

Sa ilalim ng planong ito, ang mga lugar na sakop ng misyon, ahensya, tanggapan ng kawani ng USDA ay magpapalano at magbibigay sa mga indibidwal na may limitadong kahusayan sa Ingles ng napapanahon, wasto, at epektibong komunikasyon sa loob ng lahat ng programa o aktibidad na isinasagawa ng USDA, at magsisikap upang tiyakin na ang mga tagapagbigay (providers) ng mga programang sinusuportahan ng USDA ay sumusunod sa kani-kanilang obligasyon.

“Ginagarantiyahan ng mga pederal na regulasyon sa karapatang sibil sa lahat ng mga indibidwal sa Estados Unidos ang karapatan sa pantay-pantay na access sa mga serbisyo, anuman ang kanilang antas ng kahusayan sa Ingles,” ayon kay Dr. Penny Brown Reynolds, Pangalawang Katulong na Kalihim para sa

mga Karapatang Sibil (Deputy Assistant Secretary for Civil Rights) ng USDA. “Ang access sa wika ay isang team effort na nangangailangan ng matibay na suporta mula sa mga ating mga lider ng ahensya, at paglahok ng mga kawani ng buong Kagawaran para maipag-ugnay ang mga pagsisikap sa Plano sa Access sa Wika ng USDA nang sa gayon ay matiyak ang pag-access. Sa sama-samang pagtatrabaho, makakagagawa tayo ng mga kasangkapan ng impormasyon at komunikasyon na tumutugon sa mga pangangailangan ng ating mga stakeholder na humihiling ng mga serbisyo mula sa USDA.”

Ang mga patakaran sa planong ito ay batay sa prinsipyo na responsibilidad ng USDA, at hindi ng isang indibidwal na naghahangad ng serbisyo, ang gumawa ng mga makatwirang hakbang upang matiyak ang makabuluhang access sa lahat ng programa at aktibidad at pagyamanin ang pagkakapantay-pantay para sa mga indibidwal na nakikipag-ugnayan, o maaaring makipag-ugnayan, sa USDA sa telepono, liham, nang personal, o gamit ang mga elektronikong pamamaraan. Kinikilala ng USDA na ang pagtiyak ng pagkakapantay-pantay para sa mga indibidwal na may limitadong kahusayan sa Ingles ay hindi limitado sa pagbibigay ng mga serbisyo ng tulong sa wika at naglalayong gumawa ng mga komprehensibong mekanismo na nagpapadali ng pagkakapantay-pantay sa pagpapalano, paglilingkod, pakikipag-ugnayan sa stakeholder, alokasyon ng pondo, paghahatid ng mga serbisyo, pagsasanay ng mga kawani, pagkuha (procurement), gayundin ang pagganap at pagsusuri ayon sa itinatag nitong plano sa access sa wika.

Makikita na ngayon ang plano sa access sa wika ng USDA sa <https://usda.gov/oascr/languageaccess> at sa www.LEP.gov, isang website na pinapanatili ng Sangay ng Karapatang Sibil ng Kagawaran ng Katarungan ng U.S. (U.S. Department of Justice’s Civil Rights Division).

Umaasa din ang USDA na sumali sa bagong interagency na pederal na grupo sa paggawa, ang Federal Language Access Working Group, na pinamumunuan ng Kagawaran ng Katarungan (Department of Justice), na nagbibigay-daan sa mga pederal na ahensya na magpalitan ng mga pinakamahuhusay na kasanayan at magbahagi ng mga mapagkukunan sa access sa wika para sa mga pederal na ahensya at tumatanggap ng mga pederal na tulong pinansyal.

Nakakaapekto ang USDA sa buhay ng lahat ng Amerikano sa kada araw sa napakaraming positibong paraan. Sa Administrasyong Biden-Harris, lubusang binabago ng USDA ang sistema ng pagkain ng Amerika na may higit na pagtuon sa mas nakaaangkop na lokal at rehiyonal na produksyon ng pagkain, mas patas na merkado para sa lahat ng tagagawa (producers), nagtitiyak ng access sa ligtas, malusog, at masustansyang pagkain sa lahat ng komunidad, pagtatayo ng mga bagong pamilihan at daloy ng kita para sa mga magsasaka at tagagawa gamit ang mga pagkain na umaakma sa klima at mga kasanayan sa pagtanim, na makagagawa ng makasaysayang pamumuhunan sa imprastraktura at kakayahan sa malinis na enerhiya sa kanayunan ng Amerika, at pangakong pagtuon sa pagkakapantay-pantay sa buong Kagawaran sa pamamagitan ng pagtanggap sa mga hadlang sa sistema at pagbuo ng mga manggagawa na mas kumakatawan sa Amerika. Upang matuto ng higit pa, bistahin ang www.usda.gov.